Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII. Central Visayas
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL
www.depednegor.net

September 9, 2019

**DIVISION MEMORANDUM**
**No. 578 s. 2019**

**2019 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS COORDINATION MEETING**

**TO: Assistant Schools Division Superintendents**
**SGOD & CID Chief Education Program Supervisors**
**Division Education Program Supervisors/ Division Coordinators**
**Section Heads/ Education Program Specialists**
**Public School District Supervisors**
**School Managers**
**All Others Concerned**

1. In line with the **2019 Division Festival of Talents on September 27, 2019**, this office announces the schedule of the **COORDINATION MEETING on September 20, 2019, 1:00 PM at the Gymnasium of Crisostomo O. Retes National High School, in Tampi, San Jose, Negros Oriental.**

2. The participants of this meeting are the Contest Administrators, Coaches and Division Focal Persons.

3. To reiterate, credentials like **certificate of enrolment for the student participant, certificate of employment for the coach, photocopy of Form 137 with LRN, parent's consent and 2X2 ID picture in gallery form** must also be submitted on September 20, 2019 in well-labeled folders for the guidance of the contest administrators.

4. Attached are the **registration forms, contest guidelines both for the choral and folksayaw competitions, musical score for the obligatory piece both for Himig Bulilit and Himig Hi-Skul** and the piece which **Direk Ko, Ganap Mo** is based on in Sining Tanghalan.

5. This memorandum serves as your **TRAVEL ORDER.**

6. Immediate and widest dissemination of this **MEMORANDUM** is desired.

**WILFREDA D. BONGALOS, Ph. D. CESO V**
*Schools Division Superintendent*

**DIVISION FESTIVAL OF TALENTS (Sining Tanghalan) 2019**
**September 27, 2019**

# REGISTRATION FORM

**Municipality:**________________________________

**Competition:**__________________________

**Name of Performers:**

| | |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Coach:**________________________________

**School:**________________________________

____________________________

**Name of Principal & Signature**

____________________________

**Name of District Supervisor & Signature**

DepED

# 2019 SINING TANGHALAN

(A Showcase of Talents and Skills in Arts areas and Performances)

| | | |
|---|---|---|
| **Component Area** | **MUSIC** | |
| **Grade Level** | **Elementary School with SPED learner** | |
| **Event Package** | **HIMIG BULILIT** | |
| **No. of Contestants** | **TWELVE (12)** | |
| **Time Allotment** | **10 minutes including entrance and exit** | |
| **Description** | **Children's choir competition** | |
| **Criteria For Assessment** | **Criteria** | **Percentage** |
| | **Musicality** (rhythm, balance, tonality, harmony) | 35% |
| | **Interpretation** (expression, dynamics, phrasing) | 30% |
| | **Vocal Quality** | 25% |
| | **Mastery** | 10% |
| | | |
| | **Total** | 100% |

**VIII. Event Rules and Mechanics**

a. There will be one (1) entry per region.
b. The group should be a composition of the following:
   - 12 members with at least 2 SPED learners
   - A combination of boys and girls aged 14 years old and below within the school year
   - One teacher/coach conductor
   - One DepEd employee accompanist
c. The contestants shall bring the following requirements:
   - Photocopy of birth certificate
   - Certification of enrollment duly signed by the school principal or registrar
   - Assessment of SPED learners
   - Group picture with the conductor (5R)
d. The group shall sing two (2) songs: One (1) warm-up song of choice and One (1) contest piece.
e. Contest piece shall be provided by NTWG.
f. The groups are encouraged to wear local/regional attire or any appropriate attire.
g. Contest piece shall be sung as straight singing with recorded or live accompaniment.

**III. Inputs (Resource Requirements)**

| | Contestants | Host School/Venue | Host Region |
|---|---|---|---|
| Supplies and Materials | | | |
| Tools and Equipment | | | Piano<br>Sound system<br>microphones |

This 8-page output of the Sining Tanghalan Group was presented to the CLMD Chiefs on 28 June 2018. As part of the group, we affix our names and signatures to this document:

DRAFT COPY as of 28 JUNE 2018

Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF EDUCATION
Region VII, Central Visayas
SCHOOLS DIVISION OF NEGROS ORIENTAL
www.depednegor.net

## GUIDELINES AND CRITERIA on FOLKSAYAW & HIMIG HI-SKUL COMPETITIONS

### A. FOLKSAYAW

**Secondary— Western-Influenced Dance**

**GUIDELINES:**

1. The Folk Dance Competition Secondary is open to the Junior and Senior High School students enrolled this school –year 2019-2020. Western-Influenced dance will be for the Junior or/ and Senior High School.
2. There is no age limit as long as the student is enrolled in the specified grade/ year levels.
3. There must only be one entry per municipality within the Negros Oriental Division.
4. Each entry shall be composed of 6-10 pairs or 12-20 performers only.
5. Folkdance shall be chosen from any of the published Philippine Folk Dances
6. Total performing time must not exceed 5 minutes including the entrance and the exit. Performances which will exceed the allotted time will be deducted with 2 points per excess minute or a fraction thereof.
7. Contestants must provide their own Music through flash drives on or before **September 20, 2019** to be saved to the computer by **Jenith C. Cabajon, Culture and Arts Coordinator.**
8. Costume must be appropriate to the dance chosen. Props may be used but must be minimal and readily transportable on and off stage.
9. All entry forms must be handed in to the Division Dffice through **Mrs. Jenith Corpis Cabajon,** *Div. Coordinator in Culture & Arts* **on September 20, 2019.**
10. The decision of the judges is final.
11. The performances will be judged according to the following criteria:

| | |
|---|---|
| **Performance (Execution, Rhythm and Grace)** | **35%** |
| **Appropriateness of Costume** | **15%** |
| **Interpretation / Choreography** | **30%** |
| **Mastery and Discipline** | **20%** |
| **TOTAL** | **100%** |

**B. HIMIG HI-SKUL (Secondary Only)**

**GUIDELINES & CRITERIA:**

1. Each choral group must be composed of at least 15 members or at most 20 secondary students from the Junior or/and Senior High School including the conductor and accompanist. Members must be a bonafide student and currently enrolled this school-year 2019-2020.
2. Each competing choir will sing two songs:
   a) **Lalawigan Kong Mahal by Zoe Rodrigues Lopez** *(Obligatory piece)*
   b) The supporting piece is a free choice in any version and in 3 to 4 minute-performance time which can be performed with accompaniment or in acapella. Medley is not allowed.
3. Each choir is encouraged to wear an appropriate and inexpensive costume/ attire to give visual impact on the performance.
4. In case there's no teacher who can train or interpret the musical score, the group can hire choir trainer and pianist. Absolutely, no minus-one or any recorded accompaniment is allowed. The conductor must be a teacher.
5. Accompaniment is limited to 3 instruments piano, guitar, double bass.
6. The two songs can be performed in any order without choreography, no using of props and lighting effects.
7. Violation to any of the rules and guidelines is subject for disqualification.
8. The decision of the panel of judges is deemed final and not appealable.
9. All entry forms must be handed in to the Division Office through **Mrs. Jenith Corpis Cabajon**, *Div. Coordinator in Culture & Arts* on **September 20, 2019.**

| | |
|---|---|
| **Tonal production (Vocal Technique, Clarity and quality of Tones)** | **40%** |
| **Musicianship (Balance, Pitch Precision, Harmony)** | **40%** |
| **Mastery, Precision of attacks and releases, Discipline)** | **20%** |
| **TOTAL** | **100%** |

# Lalawigan Kong Mahal
## Negros Oriental Hymn

Zoe Rodrigues Lopez





25
f
a - ko - han sa ka - gam - ha - nang gi - sa - li - gan
a - tong ka - ti - ling - ban, ma - nag - u - sa ang ta - nan!
La - la - wi - gan ko Ang ka
A - ma - hang la - ngit - non Sa ta -
E Am G D# C G7 C F C F D
31
mf espress.
lo - oy sa Ka - hi - tas - an Pa - sa - la - ma - tan, mag - am - ba - han O
nan nga ka - tu - i - gan Pa - lam - bu - a pa - na - la - ngi - ni Ning
1.
La - la - wi - gan bu - la - han.
D7 F#, Gm Gm E F D D7 Gm C C7 F F

REGION VII
WINNING PIECE

# TINGNAN MO GAMIT ANG MGA MATA KO

Ni Kalahok 8

Mga Tauhan

***Krystal***-isang dalagitang mahilig sa kulay na itim, miyembro ng *Arts Club* sa kanilang paaralan, kinatatakutan ng mga mag-aaral dahil sa kanyang tila itim na aura

***Cathy***-kaklase ni Krystal na miyembro rin ng *Arts Club*; masiyahin at palakaibigan, isang Kristiyano simula pagkabata, ang tanging estudyante na hindi takot makipag-usap kay Krystal

Tagpuan

***Arts Room ng paaralan, alas singko ng hapon***

*(Unti-unting bubukas ang ilaw at makikita ang makalat ngunit makulay na arts room; may dalawang canvas na nakapatong sa dalawang magkatabing stand, tahimik ang paligid, papasok ang isang babaeng may dalang sketchbook.)*

**Cathy:** Magandang hapon, *Arts Room*! Palagi talaga kitang ginagambala tuwing oras na ng uwian. Pasensya na, palagi rin kase akong sinisipag. *(inaayos ang mga gamit na nagkalat sa sahig)* Ang dumi-dumi mo pa rin *as usual*. *(mapapalingin sa paligid)* Pero okay lang, *favorite place* pa rin kita. *(magpapatuloy sa paglilinis)*

**Krystal:** *(tinitingnan si Cathy sa malayo)* Bakit nga ba ako pumayag na maka-partner ang babaeng 'to? Tsk. Bakit ba kase by pair ang *painting competition*?

Kainis. Kung hindi ko lang talaga kailangan ng pera... *(tahimik na maglalakad patungo sa kinaroroonan ng kanyang canvas)*

**Cathy:** *(magugulat)* Ay kabayo! *(mapapahawak sa dibdib)* Nandiyan ka na pala Krystal? Hindi man lang kita napansin. Para kang lumulutang, hindi ko man lang namalayan na paparating ka pala.

**Krystal:** Kung gusto mong manalo tayo sa *contest*, mag-*practice* ka na. Tama na ang satsat. *(isusuot ang kanyang earphones at magsisimula na sa pagpipinta)*

**Cathy:** Oo, palagi akong nagpa-*practice*. Gusto kong manalo tayong dalawa. At saka diba sabi mo---

**Krystal:** Hindi mo 'to nakikita? *(sabay turo sa earphones na nakapaslak sa kanyang tenga)*

**Cathy:** Sabi ko nga ayaw mo ng kausap. Sorry. *(peace sign)*

*(Magpapatuloy sa paglilinis si Cathy habang si Krystal ay nagpipinta; ilang sandali pa'y natapos na si Cathy sa paglilinis kaya't pumunta na siya sa kinaroroonan ng kanyang canvas ngunit mapapatigil nang mapasulyap sa painting ni Krystal.)*

**Cathy:** "God is dead"? Bakit ganyan ang *painting* mo?

**Krystal:** Ano naman ngayon?

**Cathy:** Krystal, alam kong alam mo na hindi patay ang Diyos. Nagkasama pa nga tayo sa *youth convention* dati diba? Sabi mo pa nga noon—

**Krystal:** Noon yun Iba na ngayon At saka pwede ba huwag na nating pag-usapan ang nakaraan Punyeta Cathy, bata pa tayo no'n

**Cathy:** Krystal mahal na mahal ka ng Diyos Alam mo ba yun? Kaya ka siguro nagkakaganyan kase naka-*focus* ka sa mga bagay na wala sa'yo Hindi matutuwa sina Mang Arturo kapag---

**Krystal:** Huwag na huwag mong idadamay ang mga magulang ko dito *(mapapalingon kay Cathy)* Bakit ba ang dami mong satsat ha? Sa tingin mo nakakalamang ka kaya kung makapagsalita ka parang alam mo lahat?!

**Cathy:** Krystal please Huwag kang ganyan Ang Diyos natin ay perpekto Pero minsan hindi natin maintindihan ang plano Niya para sa'tin Sabi pa nga Niya diba. *My thoughts are not your thoughts neither your ways are My ways* Kase nga Siya ay Diyos at tayo ay tao lamang

**Krystal:** Ang daling sabihin, diba? Kase ikaw ay hindi ako. Hindi ikaw ang nakaranas sa mga naranasan ko Ayos lang naman sa'yo kase hindi ikaw ang nawalan Palibhasa kase, sarili mo lang ang iniisip mo Tingnan mo ang mundo gamit ang mga mata ko at maintindihan mo kung bakit ako ganito!

**Cathy:** Krystal

***(Unti-unting didilim ang paligid; tutunog ang isang malungkot na musika; muling liliwanag at makikita si Krystal sa gitna ng Arts Room, nakaupo sa sahig at humihikbi.)***

**Krystal:** *Arts Room*? Sana tao ka na lang. Para kahit papaano...may makakaintindi sa sitwasyon ko. *(umiiyak)* Lord, huwag Niyo pong hayaan na makulong si papa. Mabait po siyang tao. Mahal na mahal niya po kami Lord. Please...huwag Niyo po siyang ipakulong.

*(Biglang susulpot sa gilid si Cathy at lalapitan sana si Krystal ngunit...)*

**Cathy:** Krystal? Bakit parang bumata ng ilang taon si Krystal? Ano bang nangyayari? *(mapapatingin sa paligid)* Nandito pa rin naman ako sa Arts Room. Umiiyak si Krystal... Kailangan niya ng kausap. *(akmang lalapit kay Krystal ngunit mababangga sa isang hindi makitang pader)* Aray! Sakit ng noo ko. Ano ba 'to? *Glass*? Wala namang *glass*.

**Krystal:** *(nagdarasal)* Lord, malulungkot po si mama kapag nakulong si papa. Ayoko pong nakikitang umiiyak si mama. Nanghihina po ang loob ko 'pag nakikita ko siyang umiiyak. Please po, huwag Niyo pong ipakulong si papa.

**Cathy:** Krystal! Krystal! Ano ba 'to bakit hindi niya ako naririnig? Teka...hindi kaya... *(mapapangiwi at mapapahawak sa kanyang sentido)* Ang sakit ng ulo ko. Aray...

*(Unti-unting didilim ang paligid; tutunog ang isang malungkot na musika; muling liliwanag at makikita si Krystal sa gitna ng Arts Room nakaupo sa sahig habang umiiyak; naliligo sa itim na pintura. Susulpot muli si Cathy sa gilid ngunit sa muli ay hindi siya naririnig at hindi siya makalapit kay Krystal.)*

**Cathy:** Nahihilo ako. Ano ba talagang nangyayan? Teka... *time travel?* *(mapapatingin sa daku ni Krystal)* Si Krystal... bakit siya naliligo sa itim na pintura?

**Krystal:** *Arts Room?* Pinaliguan nila ako ng pintura. *(humihikbi)* Nalaman kase ng mga *bully* na nakulong si papa. Tinawag nila akong anak ng *rapist*. Sabi nila ligang daw si papa kaya niya yun nagawa. *(umiiyak)* Bakit ganun? Wala namang ginawang masama si papa. Kasama pa namin siya nung mga oras na naganap ang nasabing krimen. Wala siyang kasalanan. Napagbintangan lang naman si papa. Yung amo niya ang totoong *rapist*.

**Cathy:** Krystal... *(maluluha)*

**Krystal:** Bakit ganun Lord? Araw-araw at gabi-gabi naman akong nagpe-*pray* na hindi ipakulong si papa. Pero bakit siya nakulong? *(umiiyak)*

**Cathy:** Krystal... *(magpupunas ng luha)* Nasaan ba kase ako nang manyari 'to?

**Krystal:** Bakit ganun, Lord? Wala ba talagang hustisya para sa aming mga mahihirap? Simpleng driver lang naman ang papa ko. At ang tatag po ng pananampalataya niya sa Inyo. Lord, bakit po siya ang nakulong? *(umiiyak)*

**Cathy:** Krystal sorry. *(umiiyak)* Hindi ko alam...

**Krystal:** Lord, totoo ka ba talaga?

**Cathy:** Krystal... Aray! *(mapapahawak sa kanyang sentido)* Ang sakit ng ulo ko...

*(Unti-unting didilim ang paligid, tutunog ang isang malungkot na musika, muling liliwanag at makikita si Krystal sa gitna ng Arts Room, nakaupo sa sahig at*

*nakatulala habang umaagos ang luha sa kanyang mga pisngi. Susulpot muli si Cathy. nakahawak sa kanyang ulong nahihilo.)*

**Krystal:** *Arts Room? (matatawa ng mapait)* Bakit ko ba kinakausap ang isang silid? Ganun na ba talaga ako ka-desperadang magkaroon ng kaibigan at kausap? At ikaw Lord...tsk! Nagpauto pa talaga ako sa pastor. Hindi Ka naman totoo. Nagpakamatay ang nanay ko. Sa impiyerno ba ang punta niya? *(umiiyak)*

**Cathy:** Krystal... *(maluluha)* Tatagan mo ang *iyong* pananampalataya. Huwag mong hayaang matalo ka ng mga pagsubok.

**Krystal:** Pinagdasal ko naman kase Sa'yo na huwag ipakulong si papa para hindi malungkot si mama. Pero anong ginawa mo? Pinakulong mo siya. Kaya si mama...*(umiiyak)* Kaya si mama nagpakamatay. *(humahagulhol)* Hindi ka naman kase totoo. Kung totoo ka man, ang sama-sama mo. *(humahagulhol)*

**Cathy:** Krystal... Sorry... Hindi ko alam... *(mapapangiwi at mapapahawak sa kanyang sentido)* Ang sakit ng ulo ko. Aray...

*(Unti-unting didilim ang paligid; titigil sa pagtugtog ang musika; muling liliwanag at makikita ang makalat ngunit makulay na arts room, nakabalik na sa kasalukuyang panahon; nagpipinta si Krystal habang si Cathy ay nakatingin sa kanya, umiiyak.)*

**Cathy:** *(magpupunas ng luha)* Anong...nangyari?

**Krystal:** *(hindi man lang lumingon kay Cathy)* Bigla kang natulala.

**Cathy:** Krystal, *I'm sorry*.

**Krystal:** *(mapapatigil sa pagpipinta)* Para saan?

**Cathy:** Para sa pagiging insensitibo. Masyado akong naging insensitibo sa'yo at sa paniniwala mo. Sorry.

**Krystal:** *(magpapatuloy sa pagpipinta)* Ayos lang. Sorry din. Medyo sumobra rin ako. Nakalimutan ko, nagsisimba pala ang pamilya mo.

**Cathy:** Simula ngayon, igagalang na natin ang paniniwala ng isa't isa. Partner tayo sa contest. Kaya kahit magkaiba tayo ng paniniwala, galingan nating dalawa. Alam kong nagtitiis ka lang na maka-*partner* ako kase kailangan mo ang premyo. Ipapanalo natin ang kompetisyon.

**Krystal:** *(mapapalingon kay Cathy)* Salamat. Diba nga, *opposites attract*? Hindi imposibleng manalo tayo sa contest. Ang mahalaga dinggin natin ang opinyon ng isa't isa.

**Cathy:** Okay. Mananalo tayo.

**Krystal:** Oo naman, mananalo tayo. *(magliligpit sa kanyang mga gamit)*

**Cathy:** Teka bakit ka nagliligpit? Aalis ka na ba?

**Krystal:** Tapos na ako sa *first coat* ng painting. *Acrylic* ang gamit ko kaya ayos lang. Sasapawan ko na lang ng *oil paint* bukas para sa mga detalye.

**Cathy:** Ganun ba? Sige. Mauna ka na.

**Krystal:** Sige. Alis na 'ko. *(maglalakad palabas)*

*(Maiwan si Cathy sa arts room, uupo sa silyang nasa harap ng kanyang canvas at tatapusin ang kanyang painting na may mga katagang "GOD'S NOT DEAD".)*

**Cathy:** *Arts Room?* Ang hirap pala ng pinagdaanan ni Krystal. Hindi ko siya masisisi kung ganun ang paniniwala niya. Ipagdarasal ko na lang siya. Alam kong walang imposible kay Lord. *(mapapatingin sa painting ni Krystal)* Pinalitan niya... Ang "God is dead" naging "God is dead?" *(mapapangiti, at titingala sa taas na para bang kinakausap ang langit)* Lord, tulungan Mo po si Krystal. Pati na rin po ang mga milyun-milyong taong katulad niya. At tulungan mo rin po ang mga milyun-milyong katulad ko, na sana maintindihan namin ang kanilang pinanggagalingan. *(magpapatuloy sa pagpipinta ngunit ilang saglit pa'y mapapatigil dahil may biglang maaalala)* Teka, driver namin dati ang papa ni Krystal. Hindi kaya... *(matutulala at mapapatakip sa kanyang bibig)*

**WAKAS.**

Honey Grace C. Tionga
Jimalalud National High School
Division of Negros Oriental